フィリピノ語

Filipino

外国人の子どもに向けた

# キャリアガイド（職業案内）

～可能性は無限大！～

# Career Guide

## Para sa mga dayuhang bata

## Mga posibilidad na walang hanggan！







企画・制作：三重県市町 多文化共生ワーキング
（津市・四日市市・伊勢市・松阪市・鈴鹿市・名張市・鳥羽市・
伊賀市・桑名市・亀山市・菰野町・三重県で構成）

# CAREER GUIDE

Ang mga impormasyon tungkol sa trabaho na nakasalin sa ibat ibang wika ay hindi sapat.

Ang manuscript na ito ay ginawa sa layuning bigyang ng pagkakataong makapili ng kursong gustong pag-aralan ng maaga at pag nakatapos ay maging isang huwaran at kapaki-pakinabang na mamamayan ng bansang Japan.

Inaasahan namin na kahit isa man lang sa mga batang ito, kapag lumaki na, ay maging kapaki-pakinabang sa ibat ibang aspeto ng lipunan dito sa Japan.

**Mga detalye tungkol sa ibat ibang trabaho**

Paglalarawan ng ibat ibang uri ng trabaho, anong uri ng trabaho ang ginagawa dito.

Mag-research o kaya ay magtanong sa guro at mga kaibigan sa nais na maging trabaho o propesyon.

**Course Chart**

Ang chart tungkol sa trabaho na nangangailangan ng certificate ay ibinibigay sa estudyante pagkatapos maka-graduate sa junior high school o senior high school.

**Lugar ng pagtatrabahuhan**

Pagpapakilala ng pangunahing lugar ng pagtatrabahuhan at suweldo. Ang estimate na halaga ng annual income at initial salary ay nakasaad sa handbook at internet. Gamitin ito bilang standard reference.

**Ang tungkol sa mga gastusin.**

Pagkatapos makagraduate ng junior at senior high school, nagbibigay kami ng impormasyon tungkol sa estimate ng halagang gagastusin kapag nagpatuloy ng pag-aaral sa university o technical at vocational school. Ang halaga ng tuition fee ay depende sa school na papasukan. Para sa mga detalye, magtanong sa school na papasukan (paaralang nais na pasukan).

**Student Loan**

Sa Japan Student Services Organization, maaring makahiram ng student loan.（Homepage http://www.jasso.go.jp/shougakukin/）para pambayad ng tuition fee sa senior high school at university. Para sa detalye, makipag-ugnayan sa school na nais pasukan. Bukod dito, mayroon ding ibinibigay na scholarship ang prefecture at ilang hospital sa mga nais kumuha ng nursing at medical course. Makipag-ugnayan sa school na papasukan

# TABLE OF CONTENT


○子どもにかかわるしごと

Trabahong may kaugnayan sa bata

１　教師（先生）

Teacher (Guro)

２　保育士

Kindergarten Teacher

○医療のしごと

Trabahong may kaugnayan sa medisina

３　医師

doktor

４　保健師

Public health nurse

５　助産師

midwife

６　看護師・准看護師

Nurse/assistant nurse

７　薬剤師

pharmacist

８　理学療法士

Physical therapist

９　あん摩マッサージ指圧師

Lisensyadong masahista

○オシャレのしごと

Stylist na trabaho

10　美容師

Beautician

11　理容師

Hair stylist

12　ファッションデザイナー

Fashion designer

○福祉のしごと

Social welfare na trabaho

13　社会福祉士

Social worker

14　臨床心理士

Clinical psychologist

15　介護福祉士

Care giver

16　ホームヘルパー

Home helper

○法律のしごと

Trabahong may kinalaman sa batas

17　弁護士

abugado

18　弁理士

Patent agent

19　司法書士

Judicial clerk

20　行政書士

Administrative clerk/scrivener

21　社会保険労務士

Licensed social insurance consultant

○税金や企業にかかわるしごと

Trabahong may kinalaman sa buwis at negosyo

22　公認会計士

Sertipikadong public accountant

23　税理士

Lisensyadong tax accountant

24　中小企業診断士

Management consultant ng negosyo

25　通関士

Rehistradong custom specialist

# TABLE OF CONTENT


○土地・建物にかかわるしごと
Lupa at building construction

26　土地家屋調査士
Imbestigador ng bahay at lupa

27　宅地建物取引士
Contractor ng residential land

28　不動産鑑定士
Real estate

29　建築士
Registradong arkitekto

30　大工
karpintero

○食べ物にかかわるしごと
May kaugnayan sa pagkain

31　管理栄養士
Nutritionist

32　調理師
Lisensyadong Chef

33　パティシエ
Pastry chef

○自然にかかわるしごと
Trabahong may kaugnayan sa nature

34　農業
Magsasaka

35　林業
Forestry

36　漁業
Pangingisda

○その他のしごと
Iba pang trabahao

37　公務員
Government employee

38　自動車整備士
Mekaniko ng automobile

39　通訳
Interpreter

40　ツアーコンダクター
Tour conductor

41　キャビンアテンダント
Flight attendant

42　グランドスタッフ
Ground staff

43　ＩＴ技術者
Espesyalista sa Information technology


44　漫画家
Comic artist

# 1　Teacher（Guro）

Pagtuturo sa mga bata sa kindergarten, elementary, junior highschool at senior highschool ang pangunahing trabaho ng guro. Pagtuturo at pagdidisiplina sa klase, pamamahala sa iba't ibang programa at aktibidades at iba't ibang trabaho sa paaralan ang gawain ng guro.

Kung magkakaroon sana ng gurong nakakaunawa ng ibang salita, magiging magaan ang pag-aaral, at magiging panatag ang kalooban ng mga batang hindi pa marunong magsalita ng Nihongo. Kinakailangan ang lisensya para maging isang guro. Maraming uri ng lisensya at sa bawat antas ng edukasyon ay kinakailangan ang lisensya na angkop sa bawat paaralan na nais pasukan.

## Para maging isang guro




### ＜Maagang preparasyon＞

Para maging isang teacher o guro at makapasok sa Junior College o university, kinakailangan ang talino at high level standard sa Japanese Language.

Pagbutihin ang pag-aaral ng Japanese, sariling wika at iba pang subjects sa school para maging preparado.

### ＜kung maging isang qualified na teacher, saan maaring magturo＞

Kung makapasa sa Teacher Licensure Exam ng prefecture, maaring magturo sa mga public school nito.

Maaring magturo sa private school kung makakapasa sa teacher's exam nito.

Ang average annual salary ng public school teachers ay 6,000,000 yen.

### ＜Magkano ang magagastos sa pag-aaral (tuition fee)＞


National Universities (4 taon) mahigit 2,400,000 yen. Private Universities (4 taon) aabutin ng mahigit 4,000,000 yen.

# 2 Nursery Teacher




Maraming dayuhan ang naninirahan sa prefecture na ito. At karamihan sa kanila ay ipinapa-alaga ang kanilang anak sa daycare upang makapagtrabaho. Subalit halos walang interpreter na nagtatrabaho dito. At dahil dito ay nagkakaroon ng problema sa komunikasyon ng bata sa kapwa bata at ng guro sa magulang nito. Malaking tulong kung magkakaroon sana ng nursery teacher na marunong magsalita ng ibang lenguwahe para mas lumakas ang loob ng mga bata. Ang propesyon ito ay para sa mga mahilig at gustong mag-alaga ng bata.

## Para maging isang nursery teacher




※Nursery institution, orphanage at institusyon para sa mg a kapansarang bata.

### ＜Maagang preparasyon＞

Upang makapasok sa paaralan at vocational school nang pagiging isang nursery teacher, at maipasa ang iksaminasyon para makuha ang lisensya ay kinakailangan ang sapat na talino at high level standard ng Japanese language.

Pagbutihin ang pag-aaral ng Japanese, sariling wika at iba pang subjects para maging preparado.

### ＜Kung maging isang qualified daycare teacher, saan maaring magtrabaho＞

Una, kailangan magpalista bilang isang registered nursery teacher sa kinabibilangang prefecture.

Maaring magtrabaho sa public at private daycare, private nursery center, child welfare institution at handicapped children's institution.

Ang average annual salary ng nursery teacher ay 3,200,000 yen.

### ＜Magkano ang magagastos sa pag-aaral (tuition fee)?＞


National universities (4 taon) mahigit 2,400,000 yen. Private universities (4 taon) aabutin ng mahigit 4,000,000 yen. Sa Junior College ( 2 taon ) aabutin ng mahigit 1,800,000 yen.

# 3 Doktor



Nagkasakit ka na ba? Hindi ka ba nagkaproblema sa pakikipag-usap sa hospital? Bibihira lang ang interpreters sa hospital hindi katulad sa paaralan at mga cityhall. Kapag tungkol na sa usapang karamdaman, mas kampante ang taong maysakit kung sariling wika ang gagamitin upang magkaiintindihan sila ng doktor. Kung kayo ay magiging isang doktor, marami kayong matutulungan tao, isang tulay na magdurugtong sa sariling bansa at sa bansang Japan. Magiging malaki ang inyong kontribusyon sa komunidad dahil sa taglay ninyong kaalaman sa larangan ng medisina.

## Para maging isang doktor






### ＜Maagang preparasyon＞

Para maging isang doktor, kinakailangang ang talino at pag-aaral ng medisina sa unibersidad sa loob ng 6 na taon. Importante dito ang galing sa academic subjects, Science at Math. Bukod dito, pagbutihin din ang pag-aaral ng sariling wika at Japanese language.

### ＜kung makakuha ng kuwalipikasyon, saan maaring magtrabaho＞

Pagkatapos makapasa ng National Medical Practioners Qualifying Exam, magtatrabaho ng mahigit 2 taon sa loob ng hospital bilang isang medical intern. Pagkatapos nito ay maaring magtrabaho bilang research doktor ng hospital, laboratory o pharmaceutical company. Maari ding magtrabaho bilang attending physician ng hospital o clinic o kaya naman ay magtayo ng pribadong clinic depende sa gustong propesyon.

Ang average annual salary ng research doctor ay 4 million yen, attending doctor 6 million yen. Para sa pribadong klinika, depende sa dami ng pasyente, ang average annual income ay nasa 10-20 million yen.

### ＜Magkano ang magagastos sa pag-aaral ( tuition fee)?＞

National universities ( 6 taon ) 3.5 million yen, bukod pa ang gastos sa training at major texts books. Ang private medical universities (6 taon) ay aabutin ng 20-50 million yen.

### ＜Scholarship＞

May scholarship program na binibigay na hindi lalagpas sa 600,000 yen kada taon ang mga medical universities ng prefecture at ilang universities na may medical course. At mayroon ding student loan system na applicable sa lahat kasama na ang mga dayuhan, na kung makakapagtatrabaho pagkatapos ng 6 na taon bilang doktor ng prefecture, maaring maging exempted sa pagbabayad ng student loan na hiniram.


# 4 Public Health Nurse

Ang mga public health nurse ay nurse na naka-assign sa munisipyo at mga health center ng siyudad at sila ang nagtuturo at nagbibigay ng payo sa mga tao ng komunidad kung paano pangalagaan ang kanilang kalusugan. Sila ang nag-aasikaso sa pagbibigay ng bakuna at pangangalaga sa kalusugan mula sanggol hanggang matanda. Pinakikinggan at inaalam nila ang estado ng kalusugan at nagbibigay suporta at payo sa mga mamamayan. Masasabing halos walang public nurse na nakakapagsalita ng ibang wika.

Kung mayroon sanang public nurse na marunong magsalita ng ibang wika, mas lalakas ang loob ng mga dayuhang humingi ng payo tungkol sa kalusugan. Ang trabahong ito ay angkop sa mga taong mahilig makipag-usap at may interes sa larangan ng kalusugan at medical service.

## Para maging isang public health nurse

**Kailangan ang lisensya sa pagiging nurse.(Tingnan ang ika-6 Nurse at Assistant nurse)**




### ＜Maagang preparasyon＞

Para makapasok sa school kung saan maaring makapag-aral ng pagiging isang public health nurse, kinakailanganang ang talino at high level standard ng Japanese Language

Kinakailangang makakuha ng lisensiya sa pagiging nurse para makapagtrabaho bilang nurse.

### ＜Kung makakuha ng kuwalipikasyon, saan maaring magtrabaho＞

Kadalasan ang mga public health nurse ay nagtatrabaho sa health center ng bayan o prefecture. Subalit may civil examanination para maging empleyado ng gobyerno.mayroong (37 Government employees references)

Ang average annual salary ng isang public health nurse ay 5,200,000 yen, depende kung saan naka destino.

### ＜Magkano ang magagastos sa pag-aaral (tuition fee)?＞

Tingnan ang ika -6 Nurse • Assistant Nurse

Depende sa school na papasukan, mahigit 2,000,000 yen ang magagastos sa kursong ito.



### ＜Scholarship＞

Tingnan ang ika- 6 Nurse • Assistant Nurse bilang reference.

# 5　Midwife




Ang trabaho ng midwife ay para lamang sa mga kababaihan. Sila ang tumutulong upang ligtas na mailuwal ng ina ang sanggol. Kuwalipikado rin sila bilang nurse, kaya maaring nilang magawa ang trabaho ng pagiging nurse. Dahil sa sila ang tumutulong sa mga buntis, sanggol at bata sa Health Center ng bawat lugar, malaki ang kapakinabang nila sa buhay ng mga kababaihan.

Malaki ang sakop na konsultasyon ng ganitong trabaho katulad na lang pagdalaw at pagtulong sa mga inang nahihirapang magpalaki ng anak, mag-asawang hindi magka-anak, maagang pagbubuntis o pagpapalaglag ng teenager at problema sa pagdadalaga o pagbibinata.

Para sa mga inang hindi marunong mag-Nihongo, malaki ang importansya ng trabahong ito dahil mas magiging kampante ang dayuhan kung alam niya na may midwife na nakakaiintindi sa salita niya, sinasabi na isang napakahalagang propesyon ang pagiging Midwife mula ngayon

## Para maging isang midwife




**＜Maagang preparasyon＞**

Para makapasok sa paaralan ng midwifery, kinakailangan ang talino at mataas na antas ng kaalaman sa Nihonggo. Pagbutihin ang pag-aaral ng Nihonggo at iba pang subjects sa paaralan, ganun din ang paghahasa ng sariling salita.

**＜kung makakuha ng kuwalipikasyon, saan maaring magtrabaho＞**

Maaring magtrabaho sa mga hospital, medical clinic, maternity clinic, health center at district health center. Dahil sa patuloy ang kakulangan ng Midwife , maraming oportunidad ang makikita sa ganitong klaseng trabaho at posible rin na magtayo ng sariling maternity clinic. Ang suweldo ay humigit kumulang sa 5,000,000 yen kada taon.


**＜Magkano ang magagastos sa pag-aaral (tuition fee)?＞**

Sa mga national universities, aabutin ng mahigit 600,000 yen. Sa training school for midwifery, aabutin din ng mahigit 600,000 yen kada taon.

# 6　Nurse • Assistant Nurse

Maraming dayuhan ang naninirahan sa prefecture na ito. Sa mga munisipyo at paaralan may ilang tao na maaring mag-interpret, subalit sa mga hospital, halos walang marunong mag-interpret. Maraming tao ang nagkakaroon ng problema sa pakikipag-usap sa doctor dahil sa hindi marunong magsalita ng Nihongo. Kung mayroon nurse na marunong magsalita ng ibang wika, magiging malaking tulong ito sa mga problemadong dayuhan. Kung kayo ay magiging isang nurse, magiging kapaki-pakinabang kayo hindi lamang sa larangan ng kalusugan at medisina, magiging malaking kontribusyon din kayo sa komunidad at isang tulay na mag-uugnay sa inyong bansa at sa bansang Japan.

## (Para maging isang nurse (assistant nurse)




### ＜Maagang preparasyon＞

Para makapasok sa paaralan ng nursing at assistant nurse, kinakailangan ang mataas na antas ng kaalaman sa Nihongo at talino. Pagbutihin ang pag-aaral ng Nihongo at iba pang subjects sa paaralan, ganun din ang paghahasa ng sariling salita.

### ＜Kung makakuha ng kuwalipikasyon, saan maaring magtrabaho＞

Kung makakapagtapos sa paaralan ng nursing, halos 92% ay makakapagtrabaho sa mga hospital at medical na institusyon.

Ang average na suweldo ng nurse ay 330,000 yen kada buwan. Para naman sa assistant nurse, ang suweldo kada buwan ay 280,000 yen.

### ＜Magkano ang magagastos sa pag-aaral (tuition fee)?＞

Sa mga national universities, aabutin ng mahigit 2,400,000 yen (4 taon), sa pribadong universities mahigit 7,000,000 yen (4 taon), Junior College 2,000,000 yen ( 3 taon ), at sa vocational school 2,000,000 yen (3 taon).

At sa mga school para sa assistant nurse, aabutin ng 800,000 yen (2 taon).

### ＜Scholarship＞

May ipinagkakaloob na hanggang 600,000 yen na scholarship para sa mga dayuhang na gustong mag-aral ng assistant nurse dito sa Mie. Mayroon ding scholarship para sa lahat na kung saan maaring makahiram ng pera o student loan sa paaralan. Kumpirmahin ang tungkol dito.

# 7 Parmasiyotiko



Ang isang parmasiyotiko ang naghahanda ng gamot sa hospital o botika na nireseta ng doctor. Sila ang nagpapaliwanag at sumasagot sa tanong ng pasyente tungkol sa gamot. Isa sa mahalagang trabaho nila ang masagot ang mga bagay na gustong malaman ng mga pasyente tungkol sa gamot. Malaking tulong at magiging kampante ang dayuhan kung may parmasiyotikong marunong magpaliwanag sa sariling wika. Karamihan sa mga nagtatrabaho dito ay mga kababaihan.

## Para maging isang parmasiyotiko

Senior Highschool Graduate ⇨ Pharmaceutical Dept.universities Pharmaceutical Course (6 taon) ⇨ Pharmacist Licensure National Examination ⇨ Hospital, Botika at Pharmaceutical company

【Local university】
Suzuka University of Medical Science

**＜Maagang preparasyon＞**

Para makapasok sa paaralan ng parmasya at pharmaceutical course at makapasa sa national examination, kinakailangan ang talino at mataas na antas ng kaalaman sa Nihonggo.

Pagbutihin ang pag-aaral ng Nihongo at iba pang subjects sa paaralan, ganun din ang paghahasa ng sariling salita.

Mahalaga rin ang pag-aaral ng math at science.

**＜kung makakuha ng kuwalipikasyon, saan maaring magtrabaho＞**

Maaring makapagtrabaho sa hospital at drugstore, kumpanya ng gamot at cosmetic company..

Depende sa lugar na pinapasukan ang halaga ng suweldo, at ang average na suweldo nito ay 5,000,000 yen kada taon.


**＜Magkano ang magagastos sa pag-aaral (tuition fee)?＞**

Sa mga national universities ( Pharmaceutical Dept. ), aabutin ng mahigit 4,000,000 yen (6 taon) at sa pribadong universities ay aabutin ng mahigit 10,000,000 yen (6 taon) ang magagastos.

# 8 Physical Therapist

Ang physical therapist ang tumutulong sa mga may sakit at mga nasugatan para maigalaw ng maayos ang kanilang katawan sa pamamagitan ng paggamit ng therapeutic exercises, masahe at rehabilitasyon. Nagbibigay din sila ng payo at suporta base sa pamumuhay at kondisyon ng kalusugan ng pasyente. Subalit halos walang physical therapist na marunong magsalita ng ibang wika. Kung mayroon sanang physical therapist na makakapagbigay ng suporta sa sariling wika, magiging panatag ang kalooban ng mga pasyenteng dayuhan.

## Para maging isang physical therapist




※Para sa nakapagtapos at may lisensya sa kursong physical therapy sa ibang bansa, kung makakakuha ng awtorisasyon mula sa Ministry of Labor and Health, hindi na kailangan pang pumasok ulit sa training school. Ang kulang na units lamang ang kailangan niyang kunin para maging kuwalipikadong kumuha ng board exam para sa physical theyrapy.



**＜Maagang preparasyon＞**

Para makapasok sa paaralan ng physical therapy , kinakailangan ang talino sa math at mataas na antas ng kaalaman sa Nihongo. Pagbutihin ang pag-aaral ng Nihongo at iba pang subjects sa paaralan , ganun din ang paghahasa ng sariling salita.

**＜kung makakuha ng kuwalipikasyon, saan maaring magtrabaho＞**

Bukod sa hospital, maari din magtrabaho sa mga health center at rehabilitation center, daycare center para sa matanda at pasilidad para sa mga batang may mga kapansanan. Depende sa lugar na pinapasukan ang halaga ng suweldo at ang average na suweldo ng physical therapist ay humigit kumulang 3,900, 000 yen sa isang taon.

**＜Magkano ang magagastos sa pag-aaral (tuition fee)?＞**

Sa private university school ang ay humigit kumulang sa 6,000,000 ( 4 taon ). Sa pribadong training school, 5,500,000 yen ( 4 taon ) ang aabutin halaga ng matrikula.

# 9　Masahista ng hiatsu/Therapist

## Ano ang anma massage o finger pressure massage therapist?

Ang trabaho ng pagmamasahe ay isang paraan ng pagpapagaling ng abnormal na kondisyon ng katawan gamit ang puwersa ng kamay katulad ng (malumanay na paghaplos, pagpisil, paghagod at pag-diin) para pagalingin ang irregular na kondisyon ng katawan

Kung makakuha ng kuwalipikasyon, bukod sa pagbubukas ng sariling klinika, maari din makapagtrabaho sa hospital, health center at rehabilitation center.

Gusto kong maging isang Massage Therapist!

Seniorhighschool graduate

→

Pag-aaral ng mga kinakailangan kaalaman sa pagsasanay sa mga Training facilities na awtorisado ng Ministry of Labor and Health
(3 taon mahigit)
Wala sa Mie

→

National Examination
Finger Pressure Massage Therapist

# 10 Beautician



Ang trabaho ng beautician ay mag-gupit, mag-shampoo, magkulot, magkulay ng buhok, at bukod sa pag-i-style ng buhok nagme-make-up at nag-aayos din sila ng pagsuot ng kimono  Hindi lang sa hair salon o parlor sila pumapasok, maari din silang magtrabaho sa fashion business at mga pictorials. Kapag may karanasan na, maari ng makapagsarili at magtayo ng sariling parlor, subalit kailangan din malaman ang kahalagahan ng pagtatrabaho ng matagalan at pagkakaroon ng maraming eksperiyensiya bilang isang assistant.

Galing ng kamay ang gamit sa trabahong at bagay ito sa mga mahilig makipag-usap sa tao.

## Para maging isang beautician

Senior Highschool graduate → Beauty School (2-3 taon) → National Examination para sa beautician → Parlor Hairsalon Wedding ceremony venue

Managing beautician
Maaring makakuha ng sertipikasyon bilang managing beautician kung nakatapos at nakakuha ng lisensya, nagkaroon ng mahigit 3 taon karanasan at makumpleto ang mga ilang programa itinalaga. At kung ang layunin ay magkaroon ng sariling parlor, kinakailangan ang patuloy na pag-aaral.

**＜Maagang preparasyon＞**

Sa pagiging beautician, trabaho nila ang makipag-usap sa mga kostumer at staff ng parlor kayat kailangan ang mataas na antas ng Japanese language.

Kinakailangan ding malawak na kaalaman at sensibilidad.

Pagbutihin ang pag-aaral ng Nihonggo at paghahasa ng sariling salita ng maaga.

**＜kung makakuha ng kuwalipikasyon, saan maaring magtrabaho＞**


Bilang isang beautician, maraming parlor,esthetic salon at wedding ceremony venue ang maaring pasukan. Mayroon ding mga beautician na nagtatrabaho sa fashion business at pictorials. Maaring magtayo ng sariling parlor.

Ang halaga ng suweldo ay base sa karanasan at tagal ng serbisyo at ang pangkaraniwang suweldo ay 2,80,000 yen.

**＜Magkano ang magagastos sa pag-aaral (tuition fee)?＞**

Ang halagang magagastos sa mga beauty schools ay aabutin ng 1,500,000 yen para sa 2 taon.

# 11 Barbero




Ang karaniwang trabaho ng barbero ay ayusin ang buhok ng kostumer subalit sa kasalukuyang hindi lang paggugupit at pag-aayos ng buhok, nagkukulay at nagkukulot na rin sila at nagbibigay ng payo tungkol sa pag-aayos ng buhok kaya, kinakailangan sa trabahong ito ang lubos na kaalaman at galing pagdating sa kabuuang ayos ng buhok ng kostumer. Nagagawa nila ang hindi kayang gawin ng mga hair stylist, ang mag-ahit. Sa pamamagitan ng sariling salita, mas mabibigyan ng magandang serbisyo ang mga kostumer na dayuhan. Maaring din magtayo ng sariling barber shop depende sa kapasidad. At angkop ito sa mga taong gustong maging magaling sa pag-aayos ng buhok.

## Para maging isang barbero

Senior Highschool graduate (3 taon) ⇒ Training school sa pagiging barber (2-3 taon) ⇒ National examination Ng pagiging barbero ⇒ Barbero ⇒ Managing Barber Makakakuha ng sertipikasyon kung may karanasan ng mahigit 3 taon at nakumpleto ang kursong nakalaan para sa programang ito. Makabubuting kumuha ng sertipikong ito kung nais magtayo ng sariling barber shop

※Para maging kuwalipikado at makapasok sa training school, karaniwan na dapat nakapagtapos ng senior high school. (May ibang training school na tumatanggap kahit sa junior high school lang naka-graduate)

**＜Maagang preparasyon＞**

Para makapasok sa training school ng pagiging barbero, kinakailangan na makapagtapos ng senior highschool. Kaya pagbutihin ang pag-aaral ng Nihonggo at iba pang subjects sa paaralan, ganun din ang paghahasa ng sariling salita.

Bukod sa kamay ang puhunan sa ganitong trabaho, kailangan din ang malawak na kaalaman at sensibilidad.

**＜kung makakuha ng kuwalipikasyon, saan maaring magtrabaho＞**

Bukod sa puwedeng magtrabaho sa mga barber shop, maari ding magtayo ng sariling barber shop.

Ang average na suweldo ng barber ay 2,800,000 yen kada taon. Maari pang lumaki ang suweldo depende sa taglay na galing sa paggupit.



**＜Magkano ang magagastos sa pag-aaral (tuition fee)?＞**

Aabutin ng mahigit 2,000,000 yen (2 taon), ang bayad sa mga training schools.

# 12 Fashion designer

**Ano ang fashion designer?**

Ang trabaho ng fashion designer ay lumikha ng disenyo para sa damit, bag, sapatos at iba pa. Ang pagdidisenyo ng damit na ibebenta sa department store at paglikha ng disenyong gusto ng kliyente ang isa pa sa trabaho nila. Mayroon ding mga designer na gusto lumikha ng sarili nilang brand, pero karamahihan sa mga designer ay nagtatrabaho sa tagagawa ng damit at gawaan ng tela o fabrics.

**Gusto kong maging isang fashion designer!**


Sa pagiging isang fashion designer, hindi kailangan ang particular na kuwalipikasyon. Subalit dahil sa kailangan ang kakaibang talino at galing sa pagdidisenyo, ang karamihan sa kanila ay nagtatapos sa vocational, junior college at universities sa kursong clothing and accessories.

# 13　Social Worker



Ang social worker nagbibigay ng payo, suporta at konsultasyon sa mga sa mga matatanda, may kapansanan at may sakit ganundin sa kanilang pamilya. Welfare specialist na nagpapayo. Kilala sila bilang( counselor) o (social worker) at malaking kontribusyon hindi lamang sa kapakanan at medikal na pangangalaga, kundi malaking tulong rin sa pamahalaan, batas at edukasyon. Maraming mga social workers ang kinakailangan dahil sa patuloy na pagdami ng mga matatanda sa Japan. At sa paglipas ng panahon, darami ang bilang ng dayuhang mangangailangan ng serbisyo ng social workers, kayat mas magiging kampante ang dayuhan kung alam nilang may social worker na marunong makaintindi ng kanilang salita at makakahingi ng payo.

## Para maging isang social worker




※vocational school ang traning institution para dito. Walang ganitong institution sa Mie, pero sa lungsod ng Nagoya, maraming paaralan nagbibigay ng kurso sa pang-umaga at pang-gabi at correspondence course.

**＜Maagang preparasyon＞**
Maraming mga technical terms na ginagamit sa ganitong trabaho, kayat pagbutihin ang paghahanda sa pag-aaral ng Japanese ganun din ang paghahasa ng sariling salita. Ang pinakamabilis na paraan para maging isang social worker ay mag-aral sa university, kuhanin ang kinakailangan kurso at ipasa ang national examination.

**＜kung makakuha ng kuwalipikasyon, saan maaring magtrabaho＞**
Maaring makakuha ng trabaho sa mga pasilidad ng daycare service,intensive care para sa matanda, serbisyo para sa mga batang may kapansanan at maaring maging counselor ng mga medical facilities. Ang suweldo ay humigit kumulang sa 5,000,000 kada taon.


**＜Magkano ang magagastos sa pag-aaral (tuition fee)?＞**
Sa mga national universities, aabutin mahigit 2,400,000 yen (4 taon) , pribadong universities mahigit 4,000,000 yen (4 taon), sa training institution, aabutin ng mahigit 1,000,000 sa loob ng 1-2 taon.

# 14　Clinical Psychologist

Kinikilala ang psychologist bilang isang counselor, psycho-therapist o tagahatol kung may problema sa pag-iisip, at sila ang nagbibigay ng suporta at payo sa mga taong may mabigat na dinadala sa kalooban. Importante ang propesyong ito sa dami ng stress na bumabalot sa kasalukuyang lipunan.

Sa pagbibigay ng one on one counseling, kailangan maging malawak ang pag-iisip, makuha ang tiwala ng pasyente, may maayos na personalida at may sapat na karanasan para makagbigay ng magandang resolusyon sa problema ng pasyente. Ang clinical psychologist na nakakapagsalita ng lengguahe ng pasyente ay napaka importante sa mga dayuhang hindi nakakapagsalita ng Japanese.

## Para maging isang clinical psychologist




**＜Maagang preparasyon＞**

Para  maging isang clinical psychology, kinakailangan mag-aral sa university at graduate school at mataas na antas ng kaalaman sa Nihonggo at talino. Pagbutihin ang pag-aaral ng Nihonggo at iba pang subjects sa paaralan, ganun din ang paghahasa ng sariling salita.

**＜kung makakuha ng kuwalipikasyon, saan maaring magtrabaho＞**

Maaaring magtrabaho ang clinical psychologist sa ibat ibang lugar, school bilang isang school counselor, ( hospital, mental clinic at health center), ( sa korte at pulisya), sa ( child counseling at welfare centers) at counselor sa mga kompanya (health management dept. ng kompanya) marami ang lugar at oportunidad na makapagtrabaho. Subalit mas maraming alok sa part-time kaysa sa full-time. Ang suweldo kada taon ay mula 3,000,000-5,000,000 yen.

**＜Magkano ang magagastos sa pag-aaral (tuition fee)?＞**

Sa mga national universities, aabutin ng mahigit 2,400,000 yen (4 taon), sa pribadong universities, mahigit 4,000,000 yen (4 taon) at specified graduate school na aabutin ng 1,400,00 – 1,700,00 (2 taon).

# 15 Care giver


Ang caregiver ang tumutulong sa mga taong may kapansanan sa katawan at pag-isip na makaraos sa kanilang pang araw-araw na pamumuhay sa pamamagitan ng pagpapaligo, pagpapakain at may suliranin sa pagdumi. Ang suportang ginagawa ng care giver ay nagbibigay lakas na pasyente ng maging matatag at panatiliin ang kanilang dignidad. Sila ang tinatawag na espesyalista sa larangan ng pag-aalaga.

At dahil sa taglay nilang kaaalaman sa pag-aalaga, maaring silang magturo at magbigay ng mga gabay sa mga home helpers at maging miyembro ng pamilyang nangangailangan ng suporta sa pag-aalaga.

Kinakailangan ang caregiver sa lumalaking lipunan ng matatanda sa Japan, at sa kalaunan unti-unti na ding darami ang bilang ng mga matandang dayuhan kung kayat malaking kapakinabangan kung may caregiver na marunong magsalita ng ibang wika.



## Para maging isang care giver




**＜Maagang preparasyon＞**

Para makapasok sa mga university at vocational school at maipasa na rin ang national board examination ng pagiging care giver, kinakailangang ang talino at mataas na antas ng kaalaman sa Nihonggo. Pagbutihin ang pag-aaral ng Nihonggo at iba pang subjects sa paaralan , ganun din ang paghahasa ng sariling salita.

**＜kung makakuha ng kuwalipikasyon, saan maaring magtrabaho＞**

Dahilan sa maliit na populasyon ng mga bata at malaking populasyon ng matatanda sa Japan, ang tungkulin at saklaw na gawain ng caregiver ay unti-unti lumalawak at sila ang pinaka in-demand na trabaho sa ngayon pagdating sa pangangalaga ng kapakanan ng matatanda at may kapansanan at maging ng mga pasyente sa hospital. Para sa regular na empleyadong nagtatrabaho sa mga caregiving institution, umaabot mula 2,500,000 – 4,000,000 yen ang suweldo kada taon.


**＜Magkano ang magagastos sa pag-aaral (tuition fee)?＞**

Sa mga national universities, aabutin ng mahigit 2,400,000 yen (4 taon) , pribadong universities mahigit 4,000,000 yen (4 taon) , junior colleges 1,200,000 yen, vocational school 1,700,000 yen.

# 16　Home helper

Ang gawain ng home helper (nursing visit) ay magpunta sa bahay ng taong maysakit, may kapansanan at may edad upang tumulong sa pagluluto, paglilinis, pagliligpit at pamimili (Home helping) Dahil sa tulong ng mga home helper maayos pa rin namumuhay sa kani-kanilang tahanan ang mga taong may kapansanan, lalo na kung ang taong may kapansansan ay isang dayuhan at hindi marunong magsalita ng Japanese. Ang home helper na nakakapagsalita ng ibang wika ay tiyak na makakaluwag sa loob ng mga dayuhang naninirahan.

## Para maging isang home helper




※kung may karanasan ng mahigit na 3 taon sa pagiging home helper, at nais kumuha ng kurso sa practical training,maaring ma-exempt sa pagsusulit. At sa oras na maipasa ang kursong ito ay maaring nang makakuha ng lisensya sa pagigiing home helper.

**＜Maagang preparasyon＞**

Para maging home helper, kailangan dumalo at makatanggap ng training seminar na ipinapaliwanag sa Japanese. Pagbutihin ang pag-aaral ng Nihonggo at iba pang subjects sa paaralan , ganun din ang paghahasa ng sariling salita.

**＜kung makakuha ng kuwalipikasyon, saan maaring magtrabaho＞**

Karaniwan sa mga home helper ay nagtatrabaho sa mga social welfare center, medical center at civil care giver institution.　Ang average na suweldo nila ay 2,900,000 yen kada taon.


**＜Magkano ang magagastos sa pag-aaral (tuition fee)?＞**

Kailangang dumalo sa mga home helper’s training seminars na itinalaga ng gobyerno sa bawat prefecture at ito ay nagkakahalaga ng 70,000 yen. Ang seminar ay binubuo ng 130 oras na programa, at kailangan din ang practical training.　Sa huling araw ng seminar ay may magaganap na pagsusulit, paper test, para sa completion valuation na tatagal ng (1 oras) .

# 17 Abogado

Ang abogado bilang dalubhasa sa batas, ang nangangalaga sa karapatang pantao, tumutulong sa nangangailangan at malaking ambag sa pagsasakatuparan ng patas at makatarungang lipunan. Sa dami ng dayuhan na hindi marunong magsalita ng Japanese at nasasangkot sa kaso ng krimen at gulo, maraming dayuhan ang nahihirapan. Sa kumplikadong lipunan at globalization, kung may abogadong makakapagsalita ng ibang wika, tiyak na magiging maluwag at magiging panatag ang loob ng mga dayuhan.

## Para maging isang abogado




※kahit na ano ang edad, propesyon o nasyonalidad, basta nakapasa sa preliminary examination ay maaring kumuha ng bar examination.

**＜Maagang preparasyon＞**

Para maging isang abogado, kailangan makapasa na napakahirap na bar examination. Kinakailangan ang talino at mataas na antas ng kaalaman sa Nihonggo.

**＜Kung makakuha ng kuwalipikasyon, saan maaring magtrabaho＞**

Ang suweldo ng abogado kada taon ay mula 6,000,000 yen at kung maraming ng karanasan ay maaring tumaas sa halagang 10 milyon. Maaaring na ring makapagtayo ng sariling legal office.

**＜Magkano ang magagastos sa pag-aaral (tuition fee)?＞**


Sa mga national universities, aabutin ng mahigit 2,400,000 yen (4 taon), pribadong universities mahigit 4,000,000 yen (4 taon). National University Para sa Graduate School mahigit 2,000,000 yen at Private Graduate School 2,500,000 yen.

# 18 Patent lawyer

Ang patent lawyer ay may dalubhasang kaalaman, sila ang kahalili ng imbentor na mag-ayos ng mga papeles sa pagpaparehistro ng patent, utility model, disenyo at trademark ng produkto. Mula sa pagpapalista sa patent office hanggang sa pagpaparehistro, hanggang sa expiration rights, sa lahat ng proseso, ang patent lawyer ang representante.

Sa panahon ng economic globalization, ang problemang may kaugnayan sa patent ng mga ari-arian ay kumakalat na rin sa mundo. Ang pagkakaroon ng patent lawyer na nakakaintindi ng banyagang salita ay mahalaga.

## Para maging isang patent lawyer




**＜Maagang preparasyon＞**

Mahirap ang pagsusulit ng pagiging isang patent lawyer. Kinakailangan sanayin ang sarili sa pag-aaral. Bukod dito, kailangan din ang malawak na kaalaman sa patent science. At kailangan din ang malawak na kaalaman sa mga legalidad.

**＜kung makakuha ng kuwalipikasyon, saan maaring magtrabaho＞**

Maaring magtrabaho sa mga patent office at sa patent department ng mga kompanya. Maaring magtayo ng sariling opisina. Ang halaga ng suweldo ay depende sa lugar ng pinapasukan. Ang average na suweldo ay mahigit 5,000,000 yen kada taon.

**＜Magkano ang magagastos sa pag-aaral (tuition fee)?＞**

Sa mga national universities, aabutin ng mahigit sa 2,400,000 yen (4 taon), private universities mahigit 4,000,000 yen (4 taon). Sa Junior College aabutin ng mahigit 1,800,000 yen (2 taon ) ang gagastusin.


# 19 Judiciary Scrivener



Maraming alam ang judiciary scrivener tungkol sa batas. Sila ang representante ng kompanya o indibidwal at tagagawa ng mga papeles na ipapasa sa korte o Legal Affairs Office. Sila rin nag-aasikaso ng pagpapaparehistro ng business o real estate. Gumagawa ng mga papeles na kailangang isumite sa Ministry of Justice. Maaring silang hingian ng payo ng kliyente tungkol sa ari-arian, asunto at litigasyon.

Maraming dayuhan ang naninirahan sa prefecturang ito. Para sa mga dayuhang may problema sa batas, malaking tulong ang isang judiciary scriver na nakakapagsalita ng kanilang sariling wika dahil ang presensya nila ay nagbibigay ng lakas ng loob sa dayuhan.

## Para maging isang judiciary scrivener




**＜Maagang preparasyon＞**

Mahirap ang pagsusulit ng judiciary scrivener. Para makapasok sa university o junior colleges at pag-aralan ang mga technological terms tungkol sa batas, Kinakailangan ang talino at mataas na antas ng kaalaman sa Japanese language. Pagbutihin ang pag-aaral ng Nihongo at iba pang subjects sa paaralan, ganun din ang paghahasa ng sariling salita.

**＜kung makakuha ng kuwalipikasyon, saan maaring magtrabaho＞**

Maaring magtrabaho sa legal department ng isang kompanya at sa opisina ng judiciary scrivener. Mayroon ding mga tao na pagkatapos magkaroon ng karanasang magtrabaho sa opisina ng judiciary scrivener ay nagtatayo ng kanilang sariling opisina. Ang average na suweldo ay 8,500,000 yen kada taon at depende sa galing ng isang tao, maaring itong umabot sa mahigit 10 milyon yen.

**＜Magkano ang magagastos sa pag-aaral (tuition fee)?＞**

Sa mga national universities, aabutin mahigit ng 2,400,000 yen (4 taon), private universities mahigit 4,000,000 yen (4 taon). Sa Junior College aabutin ng mahigit 1,800,000 yen (2 taon ) ang gagastusin. Sa Vocational School aabutin ng mahigit 2,000,000 yen (2 taon). At kung distance learning education at short course program, aabutin ng mahigit 400,000 yen ang aabutin.


# 20　Administrative Scrivener

Ang Administrative scrivener ay dalubhasa sa batas at tumutugon sa mga konsultasyon para patunayan ang karapatan at katotohanan ng isang dokumento, ng naaayon sa batas at ipasa ito sa public office.

Isa sa mga trabaho ng administrative scrivener ay mag-asikaso ng papeles ng dayuhan na matagal nang naninirahan sa Japan at gustong kumuha ng citizenship bilang isang Hapon. Maaaring magtanong at kumunsulta sa kanila.

Marami ang nakakuha ng eksaminasyon sa pagiging administrative scrivener dahil kahit sino ay maaaring mag-aral at kumuha ng eksaminasyon habang nagtatrabaho.

## Para maging isang administrative scrivener




**＜Maagang preparasyon＞**

Para maging isang administrative scrivener, kailangan maipasa ang pagsusulit tungkol sa iba’t ibang bagay na may kinalaman sa civil law at konstitusyon ng Japan. Kailangan ang mataas na antas ng kaalaman sa batas at maging sa Japanese language. Pagbutihin ang pag-aaral ng Nihonggo at iba pang subjects sa paaralan, ganun din ang paghahasa ng sariling salita.

**＜kung makakuha ng kuwalipikasyon, saan maaring magtrabaho＞**

Maaring mamili sa dalawa, magtrabaho sa opisina ng administrative scrivener o ( magtayo ng sariling opisina). Depende sa uri ng trabaho na ginagawa ng isang administrative scrivener, ang suweldo nito ay umaabot mahigit sa 2,000,000 – 6,000,000 yen kada taon.

**＜Magkano ang magagastos sa pag-aaral (tuition fee)?＞**

May dalawang paraan para makapasa sa pagiging administrative scrivener, self study o pumasok sa isang preparatory school. Karamihan sa mga taong may alam tungkol sa batas ay bumibili ng reference book at nag-aaral na mag-isa. Subalit dahil sa mahirap makapasa kung self-study lang ang gagawin, mas pinipili ng karamihan na pumasok o mag-aral sa paaralan o ( preparatory school).

May pagkakaiba depende sa paaralan ( preparatory school) ang babayaran pero aabutin ng 200,000 yen ang magagastos sa loob ng isang taon. Posible rin na mag-aral sa pamamagitan ng distance learning education at mas mura ito kung ikukumpara sa paaralan o (preparatory school) na 60,000 yen ang magagastos sa kalahating taon.


# 21 Labor at Social Insurance Consultant

Ang labor at social insurance consultant ay dalubhasa sa paglutas ng iba't ibang problema tungkol sa trabaho at labor insurance, magmula sa pagkakatanggap sa trabaho hanggang sa pagreretiro. Nagbibigay sila ng labor counseling at inaasikaso nila ang social insurance at pension ayon sa kahilingan ng kompanya.

Maraming dayuhan ang nagtatrabaho sa prefecture na ito, pero halos walang social insurance consultant na marunong magsalita ng wika ng dayuhan. Lumalakas ang loob ng mga dayuhan kung alam nila na may labor insurance consultant na marunong magsalita ng kanilang sariling wika.

Maging sa mga kompanya kung saan maraming dayuhan ang nagtatrabaho, malaking tulong kung alam nila na may labor consultant na marunong magsalita ng wika ng dayuhan.

## Para maging labor at social insurance consultant




※Bukod dito, alamin sa website ang ilang mga detalye para sa iba pang kuwalipikasyon sa pagkuha ng eksaminasyon.

**＜Maagang preparasyon＞**

Para maging isang labor insurance consultant, kinakailangan ang mataas na antas ng talino at kaalaman sa Nihonggo. Pagbutihin ang pag-aaral ng Nihonggo at iba pang subjects sa paaralan, ganun din ang paghahasa ng sariling salita.

**＜Kung makakuha ng kuwalipikasyon, saan maaring magtrabaho＞**

Maaring magtrabaho sa opisina ng labor insurance office o opisina ng abugado. Recommended din ang kuwalipikasyon ito na magtrabaho sa mga kompanya. Maaring ding magtayo ng sariling opisina pero mas inire-rekomenda na magtrabaho sa mga kompanya.

Ang average na suweldo ay mahigit 4,000,000 yen kada taon, depende kung saan lugar nagtatrabaho.




**＜Magkano ang magagastos sa pag-aaral (tuition fee)?＞**

Ang halaga ng tuition fee ay depende sa papasukang school. Sa national universities, aabutin ng mahigit 2,400,000 yen (4 taon), private universities 4,000,000 yen (4 taon). Sa Junior College ay aabutin ng mahigit 1,800,000 yen (2 taon) ang halaga.

# 22　Certified Public Accountant

Ang accountant ang namamahala at nag rerecord sa income at expenditures (outcome) sa pagkalkula, pag-audit ng pera. May dalawang uri ng propersyonal na accountantant. Ang una ay tinatawag na tax councellor na dalubhasa sa pagkakalkula ng buwis. At ang isa namang accountant ay nagkakalkula at nag-o-audit ng financial statement ng isang kompanya . Kapag naging isang certified public accountant, maari ding magparehistro bilang tax consultant. Maraming dayuhan ang gustong magsimula ng business sa Japan subalit namumuproblema dahil sa kakulangan sa kaalaman sa Japanese. Kung ikaw ay magiging isang sertipikadong public accountant, siguradong malaking suporta ang maibibigay mo sa mga dayuhan.

## Paano maging isang sertipikadong public accountant




（※）Walang limit sa pagkuha ng eksaminasyon.



**＜Maagang preparasyon＞**

Ang accounting ang isa sa tatlong pinakamalaking nasyonal na pagsusulit sa Japan (doctor, abogado at accountant). Isang napakahirap na eksaminasyon. Kinakailangang sanayin ang sarili na mag-aral mabuti dahil sa trabahong ito kailangan ang galing sa kalkulasyon.  Maaring angkop ito sa mga taong gusto ang mathematics. Bukod dito, kinakailangan din ang mataas ng antas ng kaalaman sa batas. Makakabuti ang magkaroon ng interes sa batas.

**＜kung makakuha ng kuwalipikasyon, saan maaring magtrabaho＞**

Kung maging isang certified public accountant, maaring magtrabaho sa isang malaking business firm bilang auditor ng kompanya (pamamahala sa accounting, checker, consulting atbp). Maaring din magtayo ng sariling accounting firm. Ang average na suweldo nito ay umaabot sa mahigit 8,000,000 yen kada taon at depende sa galing sa trabaho, may mga tumaas pa ang suweldo na umabot ng mahigit sa 10,000,000 yen.

**＜Magkano ang magagastos sa pag-aaral (tuition fee)?＞**

Sa mga national universities, aabutin ng mahigit sa 2,400,000 yen (4 na taon), private universities mahigit 4,000,000 yen (4 na taon).


# 23 Certified Tax Accountant



Napakahalaga ng trabaho ng certified tax accountant sa lipunan dahil sa kanila humihingi ng payo tungkol sa pagkalkula ng buwis ng isang indibidwal, mangangalakal at kompanya. Kung ikukumpara sila sa public accountant na ang karaniwang hinahawakang kliyente ay mga korporasyon, mas madaling lapitan ang mga tax accountant.

Sa eksaminasyon ng pagiging isang tax accountant, kinakailangan maipasa ang 5 subject bago makakuha ng lisensya para dito. Kayat isa itong paghamon sa tao na iniisa-isa ang pagkumpleto ng mga subject habang nagtatrabaho. Kinakailangan muna ang 2 taong karanasan ng pagtatrabaho bilang isang tax accountant bago makapagparehistro.

## Para maging isang tax accountant




1. **Ang propesyon ay kinakailangan napapasailalim sa mga sumusunod, 1-3 kondisyon.**
   ① 3 taon karanasan ng pagtatrabaho bilang accountant ng isang indibidwal o korporasyon.
   ② 3 taon karanasan ng pagtatrabaho sa banko, trust companies o insurance companies at namamahala sa pondo at pautang.
   ③ 3 taon karanasan ng pagtatrabaho bilang assistant ng abogado, tax accountant o public accountant.
2. **Mga kinakailangang kuwalipikasyon: nakapasa sa Chamber of Commerce and Industry Book-keeping Test Level 1 o Book-keeping Proficiency Test Advance level**

**＜Maagang preparasyon＞**

Para maging isang tax accountant, isa sa pinakamahirap na eksaminasyon ang tax accountancy, kaya't kinakailangan ang talino sa math at book keeping. Pagbutihin ang pag-aaral ng Nihonggo at iba pang subjects sa paaralan, ganun din ang paghahasa ng sariling salita.

**＜kung makakuha ng kuwalipikasyon, saan maaring magtrabaho＞**

Kung magiging isang certified tax accountant, maaring magtrabaho tax accountant office (konsultasyon at taga-ayos ng mga dokumento at accounting service na may kinalaman sa buwis ng isang indibidwal o entrepreneur). Maaari ding magtrabaho sa mga licensed tax account corporation. At posible rin na magtayo ng sariling firm. Ang average na suweldo nito ay 8,000,000 yen kada taon at maaari pang tumaas depende sa abilidad.

**＜Magkano ang magagastos sa pag-aaral (tuition fee)?＞**


Sa mga national universities, aabutin mahigit 2,400,000 milyon yen (4 na taon), private universities mahigit 4,000,000 yen (4 na taon).

# 24 Medium/Small Business Consultant

Ang trabaho ng isang medium/small business consultant ay suriin at bigyan ng payo ang mga negosyante kung anong paraan ang kailanangan gawin para mapaunlad ang negosyo. Ayon sa batas kinakailangan ng lisensya sa ganitong trabaho.

Ang pangkaraniwang ginagawa ng ganitong klaseng trabaho ay bigyang ng payo at tulungan ang business firm na mapaunlad ang kanyang maliit na negosto ngunit ang pinakaparticular na tungkulin nila ay mamagitan sa negosyante at pamahalaan o financial institution at dahil sa lawak ng kanilang kaalaman, hinahangand nila na mabigyang ng tamang hakbang at suporta ang mga negosyante.

## Para maging isang Business Consultant




**＜Maagang preparasyon＞**

Napakalawak ng sakop ng mga tanong sa eksaminasyong ito at napakahirap malampasan ang dalawang pagsusulit (1st at 2nd examination), at kung ikukumpara ang format at antas ng kahirapan, isa ito pinakamahirap na National Board Exam. Pagbutihin ang pag-aaral ng Nihonggo at iba pang subjects sa paaralan, ganun din ang paghahasa ng sariling salita.

**＜kung makakuha ng kuwalipikasyon, saan maaring magtrabaho＞**

Kung magiging isang small/medium business consultant, maaring magtrabaho sa mga consulting firm at maaari ding magtrabaho sa ibang kompanya o magtayo ng sariling consulting firm. Ang average na suweldo 7,800,000 yen at maaari pang tumaas depende sa abilidad.

**＜Magkano ang magagastos sa pag-aaral (tuition fee)?＞**

Sa mga national universities, aabutin ng mahigit sa 2,400,000 yen (4 na taon), sa mga private universities mahigit 4,000,000 yen (4 na taon).

# 25　Custom officer




Sa larangan ng trading business, ang mga lisensyadong custom officer ay tinatawag din na custom broker at sila ang representante ng mga trading companies sa pag-poproseso ng mga dokumentong may kinalaman sa importation at exportation at obligadong establisimento.

Sa mga nagtatrabaho sa trading business, nirerekomenda na kumuha ng lisensya bilang isang custom officer dahil hindi lamang sa custom broker magagamit ito. Sa kasalukuyan, unti-unting tumataas ang bilang ng trading companies na nagtatayo ng kanilang sariling broking company.

Ayon sa regulatory demand trading business, in-demand ngayon ang mga custom officers dahil sa dumarami ang transaksyon ng importation at exportation sa ibang bansa.

Sa pagkuha ng lisensya ng pagiging custom officer, hindi kinakailangan kung ano ang edad at antas ng edukasyon at sa oras na maipasa ang eksaminasyon kinakailangan ng (kumpirmasyon) mula sa chief custom inspector ng custom trader.

## Para maging isang custom officer




**＜Maagang preparasyon＞**

Walang partikular na kondisyon para makakuha ng eksaminasyon. Ang porsyento ng mga pumapasa sa eksaminasyon ay nasa 10% lamang, kayat masasabi na hindi madali ang pagsusulit na ito. Maaring pumasok sa mga vocational school at distance learning system para pag-aralan ang eksaminasyon. Kailangan palawakin din ang kaalaman sa mga sitwasyon,kalagayan at mga pangyayari sa ibang panig ng mundo. Karamihan ng mga papeles sa custom ay nakasulat sa English, kayat katulad ng antas ng kaalaman sa Japanese language, kailangan din ang talino sa English.

**＜kung makakuha ng kuwalipikasyon, saan maaring magtrabaho＞**

Sa mga kompanya ng land at sea transportation industries, warehousing, aiport, travel at marine agency at mga harbors companies maaring magtrabaho. Ang average na suweldo ay 5,400,000 yen kada taon.

**＜mayroon din ganitong trabaho＞**

Maliban sa custom broker, puwede rin magtrabaho sa mga trading company, trading section ng manufacturing company, pangangasiwa sa bank and insurance foreign exchange, at pagbabagsak sa department store at supermarket ng mga inangkat na produkto.


**＜Magkano ang magagastos sa pag-aaral (tuition fee)?＞**

Sa vocational school (1 taon) aabutin ng mahigit 1,000,000 yen sa first year, mahigit 100,000 yen naman ang aabutin para sa bawat short courses at corresponce course sa isang beses.

# 26 Surveyor ng bahay at Lupa

Sa pagrerehistro ng lupa at isang gusali ay kailangan ang sukatin at gawan ito ng bagay na may kinalaman sa plano at marking, sa pagrerehistro nito.
Para sa mga dayuhan gustong magsimula ng shop sa oras na makabili at makapagpatayo ng bahay, malaking tulong ang surveyor na marunong magsalita ng salita ng dayuhan.

## Para maging isang house and lot surveyor.




※10 taon mahigit na nagtrabaho sa real estate bilang taga-asikaso ng mga manipestong ipaparehistro sa Legal Affairs Bureau at District Affairs Bureau

**＜Maagang preparasyon＞**

Ang pinakamadaling paraan upang maging surveyor ng bahay at lupa ay mag-enroll sa school ng civil engineering at arkitektura sa vocational school.

Para maka-enroll kailangan ang mataas na antas ng kaalaman sa math at Japanese language.

Pagbutihin ang pag-aaral ng Nihonggo at iba pang subjects sa paaralan, ganun din ang paghahasa sa sariling salita.

**＜kung makakuha ng kuwalipikasyon, saan maaring magtrabaho＞**

Maaaring magtrabaho sa kompanya na may real estate business department, land and housing firm company. Mayroon ding mga tao na matapos ang magkaroon ng karanasang magtrabaho sa opisina ng land and housing firm ay nagtatayo na ng kanilang sariling opisina.

Ang average na suweldo ay umaabot sa 5,000,000 yen kada taon, pero sa mga may sariling opisina, mahigit pa sa 10,000,000 yen ang kinikita.

**＜Magkano ang magagastos sa pag-aaral (tuition fee)?＞**

Sa mga national universities, aabutin mahigit 2,400,000 yen (4 na taon), private universities mahigit 4,000,000 yen (4 na taon).


# 27 Real Estate Negotiator

**(Simula nitong April 1, 2015 ang tawag sa「real estate broker」ay magiging「real estate negotiator」.**

Ang mga real state negotiator ay dalubhasa pagdating sa real estate business. Ginagamit nila ang kanilang kaalaman tungkol sa mga legalidad at umaaksyon kapalit ng mga indibidwal o kompanya para asikasuhin ang mga dokumento sa pagpoproseso ng mga transaksyon upang maging maayos ang takbo ng negosasyon.

Dahil sa maraming dayuhang ang naninirahan sa prefecturang ito, ang isang may real estate negotiator na marunong magsalita ng salita ng dayuhan ay malaking tulong dahil ang presensya nila ay nagbibigay ng lakas ng loob sa mga dayuhan.

## Para maging isang real estate negotiator




**＜Maagang preparasyon＞**

Mahirap ang eksakminasyon para maging isang real estate negotiator. Sa university o vocational school pag-aaralan ang mga technological terms na may kinalaman sa batas kayat kinakailangan ang talino at mataas na antas ng kaalaman sa Japanese language. Pagbutihin ang pag-aaral ng Nihonggo at iba pang subjects sa paaralan, ganun din ang paghahasa ng sariling salita.

**＜kung makakuha ng kuwalipikasyon, saan maaring magtrabaho＞**

Maaaring makapagtrabaho sa mga business firm na may kinalaman sa real estate management dept. o kaya naman opisina ng mga real estate mediator agency. Mayroon din na pagkatapos magkaroon ng maraming experience sa real estate ay nagtatayo ng sarili nilang real estate agency.

Ang average na suweldo ay 5,000,000 yen kada taon, depende sa abilidad, maari tumaas ang suweldo ng mahigit sa 10,000,000 yen.

**＜Magkano ang magagastos sa pag-aaral (tuition fee)?＞**

Sa mga national universities, aabutin ng mahigit 2,400,000 yen (4 na taon), private universities mahigit 4,000,000 yen (4 na taon), public junior college mahigit 1,000,000 yen (2 taon), 2,000,000 yen sa vocational school (2 taon) at short courses at correspondence education naman ay aabutin ng 400,000 yen.

# 28　Real estate Appraiser

Gusto kong ibenta ang bahay at lupa ko, gusto kong palitan, at gustong humiram ng pera at gamiting kolateral ang bahay at lupa. Sa mga ganitong pagkakataon kinakailangan dito ang tamang appraisal mula sa real estate. Para malaman ang tamang value ng lupa at bahay. Sa pagbibigay ng tamang presyo sa lupa, bahay o gusali, ang tanging makapagbibigay ng assessment certificate ay ang real estate appraiser.




Dumarami na ang mga dayuhang naninirahan ng matagal sa Japan at dumarami na rin ang mga bumibili ng bahay.

At alin sunod dito, kung may real estate appraiser sana na makakapagsalita ng salita ng dayuhan, tiyak na magiging malakas at panatag ang ang loob ng mga ito.

Maaring tumanggap ng konsultasyon mula sa indibidwal o kompanya at maaring makibahagi sa mga public project para sa pagpapaganda at pagpapaunlad ng munisipalidad.

## Para maging isang real estate appraiser




**＜Maagang preparasyon＞**

Sa trabahong ito kinakailangan na magkaroon ng lisensya ng pagiging real estate appraiser. Para magkaroon ng lisensya, kinakailangang makapasa ng national board exam para dito. Nabibilang ito sa mga mahihirap na eksaminasyong katulad ng bar exam at certified public accountant. Taon 2014, 11.3% lang ang nakapasa. Sa buong bansa tanging 7,000 katao lang pumasa at ang trabahong ito ay kinukunsidera na mahalagang asset sa Japan. Kinakailangan ang talino, kaalaman sa batas at Japanase language.

**＜kung makakuha ng kuwalipikasyon, saan maaring magtrabaho＞**

Bilang isang real estate appraiser, maaring magtrabaho sa mga pangkaraniwang business firm bilang isang appraiser o kaya naman ay sa mga trust and bank company, development company, life insurance company, casualty insurance company at iba pa. Maaari din magtayo ng sariling real estate appraiser agency.

Depende sa lugar na pinapasukan ang magiging halaga ng suweldo. Ang average na suweldo ay 9,000,000 yen at sa mga may sariling opisina at may natatanging abilidad, maaring umabot sa 10,000,000 yen ang suweldo.

.

**＜Magkano ang magagastos sa pag-aaral (tuition fee)?＞**

Sa mga national universities, aabutin mahigit 2,400,000 yen (4 na taon), private university mahigit 4,000,000 yen (4na taon). Sa pagiging isang real estate appraiser, nirerekomenda na kumuha ng kurso sa kolehiyo tungkol sa batas dahil kinakailangan na may alam tungkol sa batas.




# 29 Arkitekto



Ang propesyong arkitekto ay para lamang sa mga nakapasa ng board examination.

Ang trabaho nito ay mangasiwa sa pagpapatayo upang mabuo ang nilikhang sariling disenyo katulad ng mga bahay, gusaling pang-opisina, pampublikong gusali at iba. Dahil sa dumarami ang mga dayuhang naninirahan ng pangmatagalan sa Japan, dumarami ang nagpapatayo ng bahay at sariling kompanya. At kung mayroong arkitektong marunong magsalita ng salita ng dayuhan, magiging panatag ang kalooban ng mga dayuhang magpatayo ng bahay o gusali.

## Para maging isang arkitekto




**＜Maagang preparasyon＞**

Bukod sa mataas na antas ng kaalaman sa Japanese language, kailangan na magaling din sa math at science.

Kung nagnanais kumuha ng lisensya para dito, nirerekomenda na piliin ang kursong architecture at civil engineering. Hindi na kinakailangan ng karanasan sa pagtatrabaho halimbawang gustong kumuha ng pagsusulit para sa Level 2 ang mga nakapagtapos kursong architecture at civil engineering. Subalit para sa mga senior highschool na kumuha ng civil engineering (1 taon mahigit) at architecture na kurso, kinakailangan ang 3 taon na karanasan para maging kuwalipikadong kumuha ng eksaminasyon.

**＜kung makakuha ng kuwalipikasyon, saan maaring magtrabaho＞**

Maaaring magtrabaho sa opisina ng architectural firm, taga-gawa ng bahay, construction firm, at ahensya ng pamahalaan. At kung magkaroon na nang maraming karanasan, maaari na ring magtayo ng sariling opisina.

Ang suweldo kada taon para sa Level 2 ay 2,000,000-3,000,000 yen at 5,000,000 yen sa Level 1.

**＜Magkano ang magagastos sa pag-aaral (tuition fee)?＞**

Sa mga national universities, aabutin mahigit 2,400,000 yen (4 na taon), private university mahigit 5,000,000 yen (4na taon). Kung mag-aaral sa vocational schools, aabutin ng mahigit 2,200,000 yen (2 taon).


# 30 Karpintero



Kalimitan, sa larangan ng construction business, hindi partikular sa pagkakarpintero ang may antas ng pinag-aralan. Isang paraan kung paano mapabuti ang kapasidad at mapaunlad ang taglay na kakayahan sa ganitong trabaho ay maging isang aprentis ng kakilala. Ito ang uri ng trabaho kung saan maaring ipakita ang taglay na galling.

Sa kasalukuyan, marami nang dayuhan ang nagtatrabaho bilang karpintero. At kung makakakuha ng kuwalipikasyon sa pagigng propesyonal na karpintero sa constructions o wooden architect, magiging malawak ang sakop na trabaho.

## Para maging isang propesyonal na karpintero ng kontruksyon




**＜Maagang preparasyon＞**

Sa pagiging karpintero, hindi tinatanong kung ano ang pinag-aralan, ang magiging pamantayan dito ay sariling kakayahan at galing sa trabaho. Kinakailangan ng 10 taong mahigpit na pagsasanay para maging isang magaling ng karpintero. Kinakailangan na marunong magsalita ng Japanese dahil kailangang makipag-usap sa mga kapwa staff at arkitekto.




**＜kung makakuha ng kuwalipikasyon, saan maaring magtrabaho＞**

May mga karpenterong nagtatrabaho sa construction company at construction office at mayroon "oyakata" (boss) na tinatawag na hindi kabilang sa anumang organisasyon. Ang arawang suweldo ng isang karpintero ay 10,000 yen. Medyo mataas ang suweldo ng karpinterong may konektado sa mga architectural firm depende kung saang kompanya pumapasok.

At kung mayroon lisensya ng technician o wooden architect, mas mataas pa ang suweldong matatanggap. (Tingnan ang 29 Arkitekto)

**＜Magkano ang magagastos sa pag-aaral (tuition fee)?＞**

Sa Mie Prefecture Tsu Technical Highschool, mahigit 300,000 yen ang magagastos sa (2 taon), subalit kung sakaling magkaroon ng problemang pinansyal, maaring malibre sa pagbabayad sa tuition fee o makatanggap ng financial assistance.



# 31 Nutrisyonista




Ang nutrisyonista ang nagtuturo kung ano ang mga masustanyang pagkain ihahanda sa paaralan at hospital.

Nagbibigay din sila ng payo tungkol sa mga health centers at maging sa mga kompanya tungkol sa mga masustansyang pagkain para sa magandang kalusugan. Para sa mga dayuhang pasyente, empleyado at maging sa sambayanan, ang isang nutrisyonistang marunong magpaliwanag sa ibang wika ay nakakapagpalakas ng loob ng mga dayuhan.

Maari din silang magtrabaho at maging aktibo sa mga fitness gym bilang diet adviser at maging sa mga kompanyang may kinalaman sa pagbebenta,pagpapabuti ng produkto at paggawa ng pagkain.

**Para maging isang nutritionist**




**＜Maagang preparasyon＞**

Para makapasok sa school o vocational at maging isang nutritionist, kinakailangan ang talino at mataas na antas ng kaalaman sa Japanese language. Pagbutihin ang pag-aaral ng Nihonggo at iba pang subjects sa paaralan, ganun din ang paghahasa ng sariling salita.

**＜kung makakuha ng kuwalipikasyon, saan maaring magtrabaho＞**

Maaring magtrabaho sa school, health center, hospital at kumpanyang may kaugnayan sa pagkain. Ang average na suweldo ay 3,500,000 yen kada taon.

**＜Magkano ang magagastos sa pag-aaral (tuition fee)?＞**

Sa mga national universities, aabutin mahigit 2,400,000 yen (4na taon), private university mahigit 4,000,000 yen (4na taon). Kung mag-aaral sa junior college, aabutin ng mahigit 1,800,000 yen (2 taon).


# 32　Chef



Ang tawag sa lisensyadong tagaluto ay chef. Iba iba ang tawag sa kanila, may chef, cook o kusinero depende kung saan sila nagtatrabaho. At depende sa espesyalidad nila, kinakailangan ang kakaibang galing at talino. Halimbawa, kung pagkain ng ibang bansa, inaalam nila at pinag-aaralan ang timpla ng nasabing bansa. Kung ang layunin ay magtayo ng sariling kainan, kailangan matutunan ang tungkol sa pamamahala ng business.

Angkop ito sa taong mahilig sa masasarap na pagkain at magbigay lugod sa ibang tao sa pamamagitan ng pagluluto. Dahil sa haba ng oras sa pagsasanay at mga pagsubok, kinakailangan ang tiyaga, tibay ng loob at pangangatawan para makamit ang ambisyon.

**Para maging isang chef**




**＜Maagang preparasyon＞**

Sa pagiging chef, kinakailangan ang sapat na kaalaman sa Japanese para sa pakikipag-usap at maunawaan ang pag-uutos ng mga staff na kasama sa trabaho. Nagiging popular na sa buong mundo ang Japanese food at masasabing unti-unti nang dumarami ang oportunidad ng mga Japanese chef sa labas ng bansa.

Pagbutihin ang pag-aaral ng Nihonggo at iba pang subjects sa paaralan, ganun din ang paghahasa ng sariling salita.

**＜kung makakuha ng kuwalipikasyon, saan maaring magtrabaho＞**

Maaring magtrabaho sa restoran at dining hall, tradisyonal na Japanese restoran, hotel, hospital, paaralan at ibang lugar kung saan maaring magamit ang pagiging chel.

Malaki ang kaibahan ng suweldo depende sa lugar na pinapasukan, ayon sa 2013 na survey, ang average na suweldo ay 3,300,000 yen sa isang taon.

**＜Magkano ang magagastos sa pag-aaral (tuition fee)?＞**

Ang tuition sa cooking school ay umaabot sa 2,000,000 yen sa loob ng 1 taon.

# 33 Pastry maker



**Ano ang patissier?**

Ang trabaho ng pastry maker ay gumawa ng mga cake, cookies, tsokolate at ibang mga matatamis na pagkain. Siyempre, sa paggawa ng mga pastries, kinakailangan ang galing at talino at creativity sa pag-iisip ng disenyo ng bagong produkto. Inaasahang magaling ang kanyang sense at imahinasyon

Maraming lugar kung saan maaaring magtrabaho, sa mga pastry store, factory ng kendi, sa hotel at restoran at bukod dito, maaring ding maging instructor kung paano gawin ang mga pastries. At kung maraming nang alam sa paggawa ng mga pastries, maaari na ring magtayo ng sariling pastry shop.

Iba iba ang suweldo ng patissier depende sa pinapasukang lugar pero ang average ay umaabot sa 3,100,000 yen kada taon.




**Para sa mga gustong maging patissier!**

Hindi man kinakailangan ang lisensya sa pagiging pastry maker, kailangan paring pumasok sa schools para pag-aralan ang mga espesyal na technique at kaalaman tungkol dito. Importanteng magkaroon ng maraming karanasan o experience na karansanan sa ganitong propesyon.

○ Pagpasok sa vocational school
Pagkatapos maka-graduate ng senior highschool, at mapag-aralan sa culinary vocational school ang iba-ibang skills sa paggawa ng pastries, maari ng magtrabaho sa mga pastry shop at magkaroon ng maraming karanasan. Ang magagastos na tuition fee para dito ay mula 2,500,000 – 3,000,000 yen sa loob ng 2 taon.

○ Training sa pagawaan ng pastry
Kung hindi man makapasok sa vocational culinary school, maghanap ng trabaho sa mga restoran o confectionery store sa pamamagitan ng hello work at iba pang employment agency. Habang nagtatrabaho dito, pag-aralang mabuti ang mga kinakailangang impormasyon at skills sa paggawa ng pastries.

Nirerekomenda rin na kumuha ng qualification certificate bilang [confectionery hygienist] o [confectionery manufacturing technologist], hindi lamang para sa trabaho kundi pati na rin pag-angat ng career sa trabaho.

# 34 Agrikultura o pagsasaka




**Ano ang pagsasaka?**

Ang trabaho nito ay mag-alaga ng tanim at anihin ito pagkatapos. Dahil sa kalikasan ang katuwang sa trabahong ito, depende sa klima at lugar kung ano ang nararapat itanim. Kailangan ang sapat na kaalaman sa pagsasaka at abilidad para malaman ang epekto ng klima at insekto sa pag-ani ng mga agrikulturang produkto. Mahalagang isipin na sa pagtatanim ay kailangan ng tiyaga at pasensiya gumagaling at natututo sa mga pagkakamalii, mula dito ay natutunan ang tamang pag-aalaga ng pananim sa pagdaan ng mga taon. Malaki ang kontribusyon sa lipunan ang paggawa ng pagkain, at ilang sa kanila ay alam ang kahalagahan ng trabahong ito.

**Para maging isang magsasaka!**

Hindi man kinakailangan ang lisensya o antas ng pinag-aralan, malaking karagdagan kung kumuha ng kursong agrikultura sa senior highschool, at unibersidad, junior college o vocational school at pag-aralan ang kaalaman tungkol sa paggawa ng mga agrikulturang produkto.

Karaniwan dito, pagkatapos na maka-graduate ay nagtatrabaho sa magsasakang may sariling sakahan o agriculture cooperative. May mga agriculturist na sa una ay nagtrabaho sa ilalim ng pangangasiwa ng isang magsasaka sa loob ng maraming taon at pagkatapos na matutunan ang mga pamamaraan at pamamahala ng sakahan ay nagsasarili bilang isang indibdwal na may-ari ng sakahan. Gayunpaman, para makapagsarili, sa simula ay kinakailangan ang pondo para sa seguridad ng sakahan.



# 35 Forestry



**Ano ang forestry?**

Nakikita natin ang iba't ibang gamit ng kahoy sa ating pang araw-araw na buhay, katulad ng mga kasangkapang kahoy, gusaling gawa sa kahoy, raw materials sa paggawa ng papel at mga uling at panggatong sa apoy. Ang pag-aalaga ng mga puno na maaring pakinabangan at gawing kahoy ang pangunahing trabaho ng mangangahoy o forestry. Isa rin sa mga trabaho nito ang pamamahala at pangangalaga sa gubat, para maiwasan ang pagkakaroon ng landslide at baha.

Sa pagtatrabaho sa forestry, kailangan makapasok ng trabaho sa mga cooperative at mga pribadong kompanya ng forestry.

Depende sa araw araw na klima kung maaaring magtrabaho ang mga mangangahoy, mula 20 -24 na araw ang pasok sa trabaho. Arawan ang karaniwang sistema sa ganitong trabaho, at ang suweldo ay mula 10,000 – 15 ,000 yen kada araw. ( Ang average na suweldo sa isang taon ay 3,300,000 yen)

**Gustong kong pumasok sa forestry!**



Hindi kailangan ang anumang lisensya para makapasok sa trabahong forestry.

Kung nais magtrabaho sa mga kooperatiba at pribadong forestry company, kumpirmahin at magtanong sa employment office ng hello work kung may impormasyon tungkol dito.

Sa mga ahensya ng pamahalaan tulad Forest Labor Security Center (sa Mie, Mie Prefecture Agriculture, Forestry and Fisheries Support Center), may mga nagbibigay ng konsultasyon tungkol sa pagtatrabaho bilang mangangahoy kayat alamin ang impormasyon tungkol dito.

Sa mga ahensya ding ito ay nagbibigay silang ng mga lecture tungkol sa pangangahaoy at kung dadalo sa mga ganitong pagpupulong maaring maging daan para makapagtrabaho sa mga gubat bilang mangangahoy.

# 36 Pangingisda



**Uri ng Pangingisda**

Nahahati sa tatlong klase ang pangingisda.

「Enggan gyogyou- coastal fishing」・・・makakauwi araw araw  dahil sa baybaying dagat ito nangingisda

「Okiai gyogyou- offshore fishing」・・・2〜3 araw na walang uwian dahil sa malayong dagat nangingisda.

「Enyou gyogyou – deep sea fishing」•••pangingisda sa karagatan ng buong mundo at nagtatagal ng mahabang panahon ang pangingisda.

**Ano ang mangingisda?**

Ang trabaho ng mangingisda ay humuli ng isda, shellfoods at halamang dagat subalit may mangingisda iba't ibang paraan ang paghuli depende sa lugar. May mga mangisngisda na nagpapalaki ng mga isda, shellfoods at halamang dagat. May trabaho rin na tagalinis ng barko, bangka at maintenance sa mga kasangkapan na ginagamit sa pangingisda.

**Para maging isang mangingisda!**

Hindi kailangan ang anumang pagsusulit o antas ng edukasyon sa pangingisda. Nagsisimula sila bilang crew ng mga barkong tumatanggap ng tauhan at doon nagsisimula ang ibat ibang karanasan sa pangingisda. Sa kaso ng mga gustong magsarili o depende sa lugar na pagtatrabahuhan may mga kumukuha ng ship license at wireless radio license para umangat ang estado ng propesyon.



# 37 Empleyado ng pamahalaan/Civil Servant



**Ano ang empleyado ng pamahalaan?**

Ang mga taong nagtatrabaho sa city hall at institusyon ng gobyerno sa bansa ay tinatawag na civil servant. Sa mga nagtatrabaho sa institusyon ng gobyerno, ang tawag sa kanila ay opisyal ng gobyerno at ang mga nagtatrabaho naman sa prefecture at cityhall ay tinatawag na mga local civil servant. Sa pagiging empleyado ng gobyerno, may ilang mga trabaho na hindi puwedeng maging empleyado ang dayuhan.

**Gustong kong maging empleyado ng pamahalaan!**

Sa halip na kuwalipikasyon, may recruitment examination sa bawat trabahong nais pasukan bilang empleyado ng pamahalaan.

- Government Officials Comprehensive Recruitment Examination o General Employees National Recruitment Examination
- Prefectural Recruitment Examination o Municipal Recruitment Examination

Ang ilan sa mga tipikal na halimbawa ng pagsusulit.

Gayunpaman, sa pagkuha ng kuwalipikasyong, may mga ilang kasong hindi maaaring kumuha ng eksaminasyon ang dayuhan dahil「rekomendado ang pagkakaroon ng Japanese Nationality」. Sa mga gustong maging empleyado ng pamahalaan, tiyaking mabuti kung maaaring kumuha ng ekasaminasyon para dito.


Ang pagkuha ng Government Recruitment Examination ay isinasagawa sa Japanese. Kailangan ang talino at mataas na antas ng kaalaman sa Japanese language. Pagbutihin ang pag-aaral ng Nihonggo at iba pang subjects sa paaralan, ganun din ang paghahasa ng ibang wika.

# 38　Mekaniko ng sasakyan



Ang trabaho ng mekaniko ang nagtsetsek ng kondisyon ng sasakyan, expert technician sila sa pagmementena ng mga sasakyan. Kinakailangan ang lisensya para sa maintenance at pagkumpuni ng sirang sasakyan. Kung hindi maayos ang maintenance ng sasakyan, maaring maging sanhi ito ng aksidente at isa sa pinakamahalagalang trabaho ng mekaniko ang pangalagaan ang kaligtasang pantrapiko.

## Para maging isang mekaniko




※kung natapos ang kursong sa mga paaralang itinalaga ng Ministry of Land, Infrastructure at Transportation, maaring ma-exempt sa pagkuha ng practical skill exam.

### ＜Maagang preparasyon＞

Para makakuha ng kuwalipikasyon ng pagiging mekaniko, kinakailangan na kumuha ng kursong automobile mechanics sa vocational school at para makasunod sa takbo ng leksyon kinakailangan ang talino at mataas na antas ng kaalaman sa Japanese language.　Pagbutihin ang pag-aaral ng Nihonggo at iba pang subjects sa paaralan, ganun din ang paghahasa ng sariling salita.

### ＜kung makakuha ng kuwalipikasyon, saan maaring magtrabaho＞

Maaaring magtrabaho sa pagawaan ng sasakyan o car maintenance company at car sales company, pero kadalasan ay sa mga manufacturer ng sasakyan pumapasok. May mga nagtatrabaho din sa pabrika ng metal coating maintenance, company ng spare parts ng sasakayan, used car company, gasolinahan at iba pa. Ang suweldo ng isang mekaniko ay umaabot sa 3,800,000-4,000,000 yen kada taon at kung may hawak na lisensya ng mas mataas sa level 2, maari pang tumaas ang suweldo depende sa galing at skill.

### ＜Magkano ang magagastos sa pag-aaral (tuition fee)?＞

Sa Mie Prefecture Tsu Technical Highschool, mahigit 400,000 yen ang magagastos sa( 2 taon), kung may problemang pinansyal, maaring malibre sa pagbabayad sa tuition fee o makatanggap ng financial assistance o reduction sa halaga ng tuition fee.

Sa vocational school kung saan may kursong automobile mechanics, umaabot sa 2,000,000 yen ang tuition fee (2 taon)



# 39 Interpreter




Ang interpreter ay isang propesyon kinakailangan para maintindihan ang salita ng ibang bansa. Mahalaga ang trabahong ito dahil sila ang tumatayong tulay para igabay ang mga dayuhang turista,taga interprete sa mga business transaction at negotiation at kasama rin sa pagdalo sa mga business conference.

Para naman sa mga dayuhang naninirahan sa Japan, kinakailangan sila sa ibat ibang sitwasyon ng pamumuhay katulad ng hospital at paaralan.

Hindi lamang ang salita ng Japan at ng ibang bansa ang kailangan sa interpretasyon, kailangan din ang talino at abilidad at technique sa ganitong propesyon. Hindi man kailangan ng kuwalipikasyon sa ganitong propesyon, kailangan pa rin hindi lamang ang mataas na language proficiency, kundi pati na rin ang talas ng pakiramdam na mabasa ang nasasaloob ng tagapagsalita at maisalaysay ng tama ang salita base sa kanyang matalas na obserbasyon.

## Para maging isang interpreter




**＜Maagang preparasyon＞**

Para maging isang interpreter, kinakailangan na nakakaintindi ng mahigit 2 wika. At para maisalin ang salita sa Japanese (interpretation at translation), kinakailangan ang mataas na antas ng kaalaman sa salitang Japanese. Pagbutihin ang pag-aaral ng salitang Japanese at iba pang subjects sa paaralan, ganun din ang paghahasa ng sariling salita.

At kung nais mag-aral ng ibang wika at kultura, maaring pumasok sa university o vocational school at nirerekomenda rin ang pag-aaral sa ibang bansa. Paghandaan din ang ibang gagastusin sa paglalakbay.

**＜kung makakuha ng kuwalipikasyon, saan maaring magtrabaho＞**

Pangkaraniwan na sa ganitong propesyon ang magpatala sa isang interpretation agency at kumuha ng alok mula dito.

Mayroon din mga freelance interpreter. Ang mga sitwasyon kung saan kinakailangan ang serbisyo ng interpreter: [interpreter sa meeting, business, sports at entertainment], may mga tour guide interpreter din na nagga-guide para sa mga dayuhang bumibisita sa bansa at sa ganitong interpretasyon ay kinakailangan ang kuwalipikasyon.

＜Magkano ang magagastos sa pag-aaral (tuition fee)?＞

Sa mga national universities, aabutin mahigit 2,400,000 yen (4 na taon), sa private universities ay mahigit 4,000,000yen (4na taon), at Junior College 1,800,000 yen (2 taon).

# 40　Tour Conductor

**Ano ang tour conductor?**

Ang trabaho ng isang tour conductor ay gabayan ang mga nagbibiyahe sa kanilang paglalakbay lalo na ang nasa package tour, school excursion o inspection tour. Sa oras na makumpirma ang tour o paglalakbay, uupisahan nang siyasatin ang pupuntahang lugar, aalamin ang detalye ng schedule sa eroplano, customer's list at pagtse-tsek ng mga papeles para sa imigrasyon. Sa mismong araw ng biyahe, tinutulungan nila ang mga customer sa check in at embarkation. Sila rin ang naggagabay sa pupuntahang lugar at pinapaliwanag nila sa customer ang dapat gawin kapag nanakawan sa oras ng paglalakbay. Isa sa mga trabaho nila ang gawing masaya ang kanilang paglalakbay.

**Gusto kong maging tour conductor!**

Para maging isang tour conductor kinakailangang nagtatrabaho ka sa isang travel agency o kaya naman ay nakarehistro sa Expert Recruitment Agency bilang tour conductor. Hindi man kinakailangan ang kuwalipikasyon sa ganitong propesyon pero kung nais maging tour guide, kinakailangan ang mataas na antas ng kaalaman sa lenguahe o language ability.　At kung nais maging isang independent tour conductor, kinakailangang kumuha ng sertipiko ng pagiging itinerary management chief.

○ Para makakuha ng kuwalipikasyon bilang 「Domestic Itinerary Management Chief」kinakailangan dumalo sa 2 araw na lecture seminar tungkol sa laws and regulations term at domectic tour training.

○ Sa「General Itinerary Management Chief Training」kinakailangang ang 3 araw na pagdalo sa lecture seminar. Bukod sa nasabing lecture seminar sa itaas, idaragdag dito ang overseas tour training sa English.

○ At kung nais kumuha ng kuwalipikasyon para dito, matapos daluhan ang nasabing seminar na nabanggit sa itaas ay kailangang magkaroon ng mahigit 1 beses na operational experience sa loob ng 1 taon o mahigit na 2 beses na operational experience sa loob ng 3 taon.

# 41 Cabin attendant


**Ano ang cabin attendant?**

Ang trabaho ng cabin attendant ay magbigay ng serbisyo sa mga pasaherong nakasakay sa eroplano. Sila ang nagdadala ng pagkain, inumin at iba pang pangangailangang nais ng pasahero. Sila rin namumuno para masiguro ang kaligtasan ng pasahero sa panahon ng emergency at pagg-guide sa mga evacuation exits. Karamihan sa mga empleyadong nagtatrabaho sa airline company ay nagsisimula bilang contract worker sa loob ng isang 3 taon, at sa ika-4 na taon ay nagiging regular na empleyado ng kompanya. Tinatawag silang cabin attendant, flight attendant o airline crew.

**Gusto kong maging cabin attendant!**

Hindi kailanan ang espesyal na kuwalipikasyon para maging isang cabin attendant. Subalit, para makapasa sa recruitment examination sa bawat kompanya ng eroplano, kinakailangan ang malinaw na mata, communication skills, antas ng edukasyon, edad at malampasan ang mga kondisyong itinalaga ng kompanya. May mga junior colleges o vocational school para sa mga gustong maging cabin attendant (airline school).

May mga recruitment agency ring nagha-hire ng tao para maging cabin attendant.



# 42 Ground Staff/Airport Employees



**Ano ang ground staff?**


Ang ground staff ang nagbibigay ng ibat ibang uri ng serbisyo sa loob ng airport. Sila ang nagi-issue at kumukumpirma sa ticket ng pasahero, nag-aasikaso ng mga kakailanganing papeles para sa check in procedure, at sila ang tumutulong para maging maayos ang pagsakay ng pasahero sa eroplano

Karaniwan na sa ganitong propesyon ang shifting mula umaga hanggang hating gabi, pero kadalasan ay nagbabago ang schedule. Halos buong araw ay nakatayo sila at sa paggagabay sa pasahero, kadalasan ay lakad at takbo ang kanilang ginagawa para. Sa trabahong ito kinakailangan ang mataas na antas ng communication skills at language ability dahil tungkuling nitong bigyang ng magandang serbisyo ang pasahero anuman ang nasyonalidad nito, maging ito man ay bata o matanda.

**Sa mga gustong maging ground staff!**

Kung nais makapasok sa ganitong propesyon, pagkatapos maka-graduate sa university o Junior college o kumuha ng kursong airline service sa vocational school, sila ay naghahanap ng mapapasukan sa mga airline o airport employment office o kaya naman ay nagpaparehistro sa mga recruitment agency para makapasok bilang ground staff. Hindi man kailangan ang kuwalipikasyon sa ganitong propesyon subalit karamihan sa mga kompanya ay binibigyan pansin ang language ability ng aplikante. May mga kompanyang nagbibigay ng kondisyon na tanging ang may (TOEIC score na 550 o English Proficiency) ( Level 2) lamang ang tatanggapin bilang aplikante.

Sa simula, ang suweldo ng regular na empleyado ay 150,000-180,000 yen kada buwan at sa mga contractual ay 1,000 yen kada oras ang binibigay na suweldo.



# 43 Information Technology Technician

**Ano ang IT technician?**

Ang trabaho ng IT technician ay gamitin ang kanilang computer skills at information techniques sa paggawa ng mga programs o disensyo na may kinalaman sa computer at internet. Iba't iba ang uri ng trabaho sa ganitong propesyon. May language programming system kung saan ang programmer ay gumagawa ng software games at software program, computer graphic designer kung saan ginagamit ang computer sa pagdidisensyo, web designer na nagdidisenyo ng website at iba pa.

Depende sa espesyalidad ng IT Technician, nababago ang lugar ng pinapasukan nila. Nagpapasa sila ng aplikasyon sa mga IT business firm kung saan sila dalubhasa at doon sila maaaring magtatrabaho.

**Gusto kong maging IT technician!**

Hindi kailangan ang anumang espesyal na kuwalipikasyo para maging isang information technology technician. Kahit sino maaring maging IT tech, subalit kung mag-aaral sa university o vocational school at kumuha ng kursong tungkol information technology at may mataas na kaalaman tungkol dito, mataas ang posibilidad na madaling makahanap ng trabaho sa propesyong ito.

May eksaminasyon para sa dito, ang「National Examination for Information Processing Technician」. At sa oras na maipasa ang pagsusulit na ito, mabibigyan ng recogniton bilang Information Processing Technician at magiging kapaki-pakinabang sa paghahanap ng mapapasukan.

# 44 Cartoon artist

**Ano ang cartoonist?**

Ang trabaho ng cartoon artist o cartoonist ay gumuhit ng mga cartoon karakter. Bukod sa linguhang paglalathala sa weekly magazine at iba pang libro, may mga dalubhasang cartoonist din na gumuguhit para sa business advertisement. Sa kasalukuyan, dumarami na rin ang gumuguhit ng cartoons sa pamamagitan ng paggamit ng computer. Ang trabaho ay nanggagaling mula sa request ng cartoon publisher. May cartoonist na mag-isa lang gumuguhit ng lahat at mayroon ding cartoonist na hinahati sa assistant ang ilang mga parteng dapat iguhit nito.

Gusto kong maging Cartoonist!

Hindi kailangan ang anumang kuwalipikasyon o educational attainment para maging isang cartoonist. Karamihan sa mga cartoonist katulad ng ini-imagine na lahat ay nakikilala sa pamamagitan ng pagsali sa mga konstest at pagpasa ng kanilang mga likha ng mga publications sa mga weekly magazines

Ang mga baguhang cartoonist ay nagsisimulang magtrabaho bilang assistant ng ibang cartoon artist para pag-aralan ang skills kung paano ginuguhit ng mga eksperto ang kanilang cartoon karakter. At maaring mag-enroll sa vocational school para mapag-aralan ang technique bilang isang cartoonist.

外国人の子どもに向けたキャリアガイド（職業案内）

～可能性は無限大！～

平成２２年３月発行

平成２７年３月改訂

企画・制作：三重県市町 多文化共生ワーキング

（津市・四日市市・伊勢市・松阪市・鈴鹿市・名張市・鳥羽市・伊賀市・桑名市・亀山市・菰野町・三重県で構成）

事務局：三重県環境生活部　多文化共生課
〒５１４－０００９
三重県津市羽所町７００番地アスト津３階
電話０５９－２２２－５９７４